

KASUNDUAN UKOL SA PAMAMAHALA NG MGA KUTO SA ULO NG MGA PAARALAN AT MGA MAGULANG/MGA TAGAPAG- KALINGA/MGA TAGAPAG-ALAGA

(Insert school details)

Patuloy ang pagkabahala at pagkasiphayo ng ilang mga magulang /mga tagapag-kalinga/mga tagapag-alaga, guro at mga bata sa mga kuto sa ulo. Ang mga kuto sa ulo ay di naghahatid ng mga nakakahawang sakit – ang mga ito ay naihahatid sa pamamagitan ng pagdiit sa ulo ng mga taong may mga kuto sa ulo. Bagama't may pangunahing responsibilidad ang mga magulang sa pagkatuklas at paggamot ng mga kuto sa ulo, ang paghadlang at pamamahala ng pagkahawa ng mga kuto sa ulo ay isang magkasunong na responsibilidad ng ilang bilang ng mga ahensiya, kabilang na ang Department of Education and Training; Department of Human Services; mga paaralan at mga magulang. Ang Department of Education and Training ay pananagutan sa pagkakaloob ng pagpapayo at suporta sa mga paaralan na naukol sa pamamahala ng mga kuto sa ulo.

Nakabalangkas sa kasunduang ito ang:

- Responsibilidad ng kapwa paaralan at ng magulang/tagapag-kalinga/tagapag-alaga;
- Kahalagahan ng lahat ng kasakop na pangkalusugang pananaw, na tiyakin ang isang naaangkop at mahusay na solusyon para sa problema ng mga kuto sa ulo.

Mga Responsibilidad

Magulang/Tagapag-kalinga/Tagapag-alaga - kasama sa mga responsibilidad ang:

- Regular na (nakabubuting minsang sa isang linggo) pag-iinspeksiyon ulo ng kanilang anak para sa mga kuto at mga lisa at regular na pag-iinspeksiyon sa lahat ng mga kasambahay at paggamot sa kanila kung kinakailangan ;
- Paninigurong hindi pagpasok ng bata sa hindi pa nagagamot na mga kuto sa ulo;
- Paggamit ng ligtas na mga pamamaraan ng paggamot na hindi malalagay ang kanilang anak sa pangkalusugang panganib (tignan ang nakalakip na polyeto ng *Paggamot at Paghadlang ng Mga Kuto sa Ulo*).
- Pagbibigay-alam sa paaralan kung ang kanilang anak ay napektuhan at pagsasabi sa paaralan kung kailan ang pagsisimula sa pamamagitan ng isang porma ng *Ginawang Aksiyon (Action Taken form)* ;
- Pagbibigay-alam sa mga magulang o mga tagapag-alaga ng mga kaibigan ng inyong anak para may pagkakataon din silang matuklasan at malunasan ang kanilang mga anak kung kinakailangan.

Binasa at sumasang-ayon ako sa nasa itaas na mga responsibilidad:

Lagda ng magulang/tagapag-alaga/tagapag-kalinga: **Araw**.....

Lagda ng magulang/tagapag-alaga/tagapag-kalinga: **Araw**.....

Paaralan - kasama sa mga responsibilidad ang:

- Pamimigay ng mga patakaran at impormasyon sa pagtuklas, paglunas at paghadlang ng mga kuto sa ulo sa mga magulang/tagapag-kalinga/tagapag-alaga at mga tauhan at pagkakaroon ng maayos at maliwanag na pamaraan ng programa na maisasagawa ng paaralan;
- Paggawa ng isang pampaaralang patakaran para sa mga kuto sa ulo na nagpapatibay ng isang tumpak, dinagbabagong hakbang ng pamamahala ng pagkahawa ng mga kuto sa ulo, na sinang-ayunan ng school council;
- Pagkakaroon ng nakasulat na pagsang-ayon ng magulang sa pagsasagawa ng mga ng inspeksiyon ng mga kuto sa ulo, pagka-enrol ng isang estudyante sa loob ng panahon ng kanilang pag-aaral sa isang partikular na paaralan at humirang ng isang sinanay na (mga)/ tao na magsagawa ng mga inspeksiyon para sa mga kuto sa ulo, na inaprubahan ng Prinsipal at school council;
- Paghikayat sa mga taong binigyang kapangyarihan ng prinsipal ng paaralan, Hal. Guro, na tignan ang buhok ng estudyante, Hal: na walang pisikal na kontak sa bata, kung hinihinalang may mga kuto sa ulo;
- Paghimok sa mga magulang/tagapag-kalinga/tagapag-alaga na ipagpatuloy na regular (nakabubuting isang beses isang linggo) tignan ang kanilang anak para sa mga kuto sa ulo at magbigay ng masimpatiyang pagtingin at praktikal na payo sa mga magulang na nakakaranas ng paghihrap sa mga pamaraan ng paghahadlang nito;
- Paghikayat sa mga estudyanteng matuto tungkol sa mga kuto sa ulo upang matalungang alisin ang anumang batik o "paniniil" na nauugnay sa isyung ito;
- Pagkabatid na ang responsibilidad na ang paghiwalay sa isang bata ay nakasalalay sa prinsipal o sa taong namamahala sa paaralan at pagkabatid na ang pagkakahiwalay ay ayon lamang doon sa mga batang may mga kuto sa ulo at hindi doon sa mga may mga lisa sa ulo; at ang pagkakatid sa rekomendasyon na ang mga estudyante ay dapat ihiwaly mula sa paaralan sa araw ng pagtatapos ng paaralan na kung saan ang estudyante ay kailangang pagkalooban ng isang maikling sulat na ipinaalam sa magulang na ang kanilang anak ay may kuto sa ulo.
- Pagkabatid na walang kailangan sa *Health (Infectious Diseases) Regulations 2001* sa isang batang ginagamot sa mga kuto sa ulo na humingi ng isang clearance certificate na ibigay sa isang general practitioner o sa isang municipal council, sa pagbabalik sa paaralan.
- Kung nararapat, at sa pagpapasiya ng prinsipal, sa ganang pagbibigay ng isang babalang patalastas sa pangkomunidad na paaralan, sa panahong ang ang mga kuto s ulo ay nasumpungan sa paaralan I;
- Paghimok sa mga magulang/tagapag-kalinga/tagapag-alaga kilalanin ang ginamit na paggamot at ang araw ng pagsisimula nito, sa pamamagitan ng *Porma ng Ginawang Aksiyon*.

(ilagay ang pangalan ng paaralan) ay nangangako sa pamamahala ng mga kuto sa ulo sa isang sensitibo at kompidensiyal na pamamaraan. Nangangako kami sa nasa itaas na mga responsibilidad.

Lagda ng Prinsipal **Araw**.....